THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 ADS: LEGAL NOTICE

VOLUME 3 No. 35 | ISSN No. 2984-7249 | Jul. 08, 2024 - Jul. 14, 2024

# 2024 JOINT REGIONAL NUTRITION MONTH LAUNCHING




AKTIBONG nakiisa sa isinagawang 2024 Joint Regional Nutrition Month Launching na may temang *"Sama-Sama sa Nutrisyong Sapat Para sa Lahat"* noong ika-2 ng Hulyo si City Mayor Malou Flores-Morillo. Kasama ng iba't ibang personalidad mula sa Nutrition Council, nilahukan din ni Mayor Morillo ang Panunumpa at pagpirma sa 50th Nutrition Month Pledge for PPAN (Philippine Plan of Action for Nutrtion). Isinagawa ang nasabing pagdiriwang sa Bulwagang Panlalawigan ng Oriental Mindoro.

Ang mahalagang kaganapan ay dinaluhan din nina Dra. Basilisa M. Llanto, City Health & Sanitation Department Head, at Ms. Glenda M. Raquepo, RN, City Nutrition Action Officer. Isa si Mayor Morillo sa mga pangunahing lumagda sa pledge, na nagpapakita ng kanyang dedikasyon sa pagpapatupad ng mga layunin ng PPAN.

Sa kanyang talumpati, binigyang-diin ni Mayor Morillo na, *"Ang nutrisyon ay hindi lamang tungkol sa pagpapakain upang lumusog ang ating katawan; ito ay tungkol sa pagpapaunlad ng ating potensyal, mga pangarap at kinabukasan."* Hinikayat niya ang lahat na pagtibayin ang pangako na gawing abot-kaya ang masustansyang pagkain para sa bawat tahanan.

Dagdag pa ni Mayor Morillo, mahalaga ang pakikipagtulungan at pagbabago sa patuloy na pagpapatupad ng Regional Plan of Action for Nutrition 2024-2028 upang matiyak na ang bawat mamamayan ay may access sa sapat at pangmatagalang nutrisyon. Ang panawagang ito ay isang hakbang upang buhayin ang espiritu ng pagkakaisa at pagsasama-sama para sa kalusugan ng bawat isa, lalo na sa mga nasa laylayan ng lipunan (Jermae D. Tuyor/CIO).



# ORIENTATION ON VOLUNTEERISM IN THE CITY OF CALAPAN 2024

SA pamamagitan ng Philippine National Volunteer Service Coordinating Agency (PNVSCA), sa pangunguna ni LTC Kenneth C. Siruelo, MNSA PA (RES), Officer-in-Charge PATS Division, PNVSCA, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, at City Administrator, Penelope D. Belmonte, matagumpay na naisagawa ang *"Orientation on Volunteerism"* sa Lungsod ng Calapan, ginanap sa Conference Room Executive Building, City Hall, noong ika-4 ng Hulyo.

Sa nasabing oryentasyon, mahusay na naipaliwanag at naipaunawa sa mga kawani ang tungkol sa basic concepts at principles ng volunteerism, gayundin ang mga kahalagahan nito na mayroong hatid na mabuting epekto, para sa mga mamamayan, sa bayan at maging sa sarili, kung saan kada buwan, tinatayang nasa 862 Million na tao sa buong mundo ang boluntaryong nagseserbisyo.

Dagdag pa rito, tinalakay din ang tungkol sa volunteerism, bilang estratehiya, para sa national development, gayundin ang PNVSCA's priority programs, general guidelines for the search for outstanding volunteers 2024, at iba pa.

Kaugnay nito, inaasahan na malaki ang maitutulong ng nasabing gawain sa pamahalaang lungsod, upang mas higit na maunawaan ng bawat isa ang tungkol sa volunteerism at makabuo ng mga plano at hakbang para sa mga panghinaharap na programa at aktibidad na katuwang ang iba't ibang mga samahan o organisasyon na boluntaryong nagseserbisyo sa komunidad.

Samantala, dumalo at nakilahok din sa nasabing aktibidad sina City Planning and Development Coordinator EnP. Joselito R. Bautista, City Treasurer, Mr. Nicasio D. Catapang, Acting City Civil Registrar, Mr. Rommel R. Albo, at GAD Focal Person, Ms. Junie Rose S. Gahol, kasama ang mga kinatawan mula sa iba't ibang opisina at departamento ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

**PUBLISHER**

RUEL T. LANDICHO
**PUBLISHER/ OWNER**

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
**EDITOR IN CHIEF**

MARIA GLENDA LANDICHO
**OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER**

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
**STAFF WRITERS**

MARCUS A. NEGADO
**LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN**

REYMUND AL USSAM
**LEGAL CONSULTANT**

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM ISSN No. 2984-7249





TINGNAN: Apat na barangay ang personal na binisita ni Gobernador Bonz Dolor sa loob ng isang araw upang kaswal na kumustahin at ipadama sa mga residente nito ang halaga nila sa Pamahalaang Panlalawigan noong Hulyo 4.

Sa nakaplanong pag-ikot sa mga barangay sa iba't ibang bayan, inuna ng Punong Lalawigan kasama ang ilang board members at councilors gayundin ang ilang punong tanggapan sa Kapitolyo sa pagbisita sa barangay ng Navotas, Maidlang, Silonay at Lazareto upang ipadama ang kanyang presensya at ng kanyang mga kasama kahit aniya, hindi eleksyon o may kalamidad.

Tulad ng isang ama ng tahanan, sa kanyang pagbisita sa kanyang mga anak ay nagdadala rin ito ng pasalubong sa anyo ng food packs na ibinahagi niya upang kahit paano ay maramdaman, aniya, ng dinatnan niyang residente sa mga nabanggit na barangay ang paglalambing nito.

Maliban sa pangungumusta sa kanilang kalagayan matapos ang sunud-sunod na tumamang krisis sa lalawigan kabilang ang oil spill, ASF at El Nino, binigyan din niya ng update ang mga residente hinggil sa mga pinakahuling ipinatutupad na programa at proyekto ng Pamahalaang Panlalawigan.


Partikular na ibinalita nito ang estado ng nakalaang cash assistance sa mga naapektuhan ng oil spill na magmumula na aniya sa Internationl Oil Pollution Compensation Fund (IOPCF) sa halip na sa insurance company bunga na rin ng pakikipag-ugnayan niya dito.

Hinikayat din niya ang mga kapitan na makiisa sa paghahanda ng pagpasok ng La Nina. Ipinahayag nitong kumikilos ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng river restoration project gayundin ang pagbili ng malalaking equipment na gagamitin sa mga proyektong imprastraktura kontra-baha.

Tinugunan din ng Ama ng Lalawigan ang mga ipinaabot ng mga kapitan na mga pangunahing pangangailangan na malaki ang maitutulong sa kanilang barangay. (PIO Calapan








**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

Republic of the Philippines
REGIONAL ALTERNATIVE CHILD CARE OFFICE
MIMAROPA Region
168 Luna Mencia St., San Juan City

Email address: racco4b@nacc.gov.ph
Contact Nos: 0962-642-3652

IN RE: PETITION FOR ADOPTION OF
ZHAVIER CLEO BALBAIRA

DOMESTIC ADMIN
ADOPTION CASE NO: RACCO
MIMAROPA-DAA 2024-0049-
REL-017

MR. CHARLES RANDALL and MRS.
EVANGELINE BALBAIRA SMITH
1 July 2024

x---------------------------------------------------x

ORDER

A verified petition for the adoption of ZHAVIER CLEO BALBAIRA filed by the petitioners through the Regional Alternative Child Care Office (RACCO) praying that after due notice, publication and appearances, a judgment be rendered to the effect that ZHAVIER CLEO BALBAIRA be cleared and that the name of the child be changed particularly to appear as ZHAVIER CLEO BALBAIRA SMITH.

Finding the said Petition to be sufficient in form and substance, let the same be set for Mandatory Appearance on 30 July 2024 to be held at the RACCO MIMAROPA, 4TH Floor Textron Building, 168 Luna Mencias Street, San Juan City. Any interested party may appear and may file and opposition supported by evidence before the National Authority for Child Care (NACC), through the RACCO, where the petition was filed. The complaint will be subjected for verification and further investigation.

Let a copy of this Order be published at the expense of the Petitioner once a week for three (3) successive weeks in a newspaper of general circulation pursuant to Section 31 of R.A. No. 11642 or the Domestic Administrative Adoption and Alternative Child Care Act.

(SGD) CYRENE P. LUBRICO
Regional Alternative Child Care Officer

Copy furnished:

JANELLA EJERCITO ESTRADA
National Authority for Child Care
#2 Ermin Garcia Street Chicago Corner
Barangay Pinagkaisahan, Quezon City Philippines 1103

ELOISA FAJUTNAO
Office of the Municipal Social Welfare and Development
Mansalay, Oriental Mindoro

NERISSA QUINTINIO
Office of the Municipal Registrar
Roxas, Oriental Mindoro

The Tamarao Journal
July 08, 15 & 22, 2024







# DISTRIBUTION OF FERTILIZER DISCOUNT VOUCHER

PINANGUNAHAN ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang pamimigay ng Fertilizer Discount Voucher sa mga magsasaka ng Calapan noong Hulyo 4, 2024 sa Kalap Hall. Katuwang ni Mayor Morillo sa aktibidad ang City Agricultural Services Department at ang Focal Person na si Engr. Jasper B. Adriatico.

Isang daan at pitumpu't anim (176) na magsasaka ang nakatanggap ng Discount Voucher na may kabuuang halaga na P819,400. Katuwang rin ni Mayor Morillo sa pagtugon sa pangangailangan ng mga magsasaka sina dating Konsehala, Ms. Mylene De Jesus at Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns, Mr. Jaypee M. Vega. Ibinahagi rin ni Mayor Morillo ang ilan sa mga programa para sa mga kababayang naapektuhan ng African Swine Fever (ASF). Para kay Mayor Morillo, nais niyang lubos na maibigay ang pangangailangan ng ating mga magsasaka sa ikauunlad ng kanilang kabuhayan (Jermae D. Tuyor/CIO).





# ARAW NG MGA BATA SA BARANGAY MAHAL NA PANGALAN

DAMANG DAMA ng mga kabataang Calapeño ang kalinga at malasakit ng ina ng lungsod na si City Mayor Marilou Flores-Morillo sa pagdiriwang ng *"Araw ng mga Bata 2024"* na ginanap sa Barangay Mahal na Pangalan, noong ika-5 ng Hulyo.

Bida at nag-enjoy sa araw na ito ang mga bibong-bibong chikiting na masayang nakilahok sa mga inilatag na gawain, katulad ng iba't ibang klase ng mga palaro, kalakip ang mga libreng pagkain at pagkakaloob ng mga kapaki-pakinabang na gamit, sa tulong ng programang *"MALOUpit na Ngiti, Kasama kang Pinili"* ni Mayor Morillo.

Ang naturang gawain ay nakaangkla sa bisa ng Ordinance No. 3 Series of 2014 na iniakda ni Konsehal Francis Dimaano Abes, kung saan nakasaad dito na itinatakda ang unang Biyernes ng buwan ng Hulyo bilang Araw ng mga Bata, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga makabuluhang aktibidad para sa kanila, gayundin ang paglalaan ng kaukulang pondo para rito.

Kasama ng punong lungsod na nakisaya sa mga aktibo at masisiglang bulilit sina City Councilor, Atty. Jel Magsuci, Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns), at former City Councilor Ms. Mylene de Jesus.

Samantala, naisakatuparan ang nasabing gawain sa pangunguna ng Serbisyong TAMA Center, Community Affairs Office, Office of the City Mayor at Sangguniang Barangay ng Mahal na Pangalan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 35 Jul. 08, 2024 - Jul. 14, 2024

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *ORIENTAL MINDORO PRIDE BALL 2024*



ISANG makabuluhang gabi ng masayang pagtitipon ang matagumpay na naisakatuparan sa Bulwagang Panlalawigan, Provincial Capitol Complex, Barangay Camilmil, noong ika-30 ng Hunyo, kung saan idinaos ang *"Pride Ball"*, bilang bahagi ng pagdiriwang sa *"Oriental Mindoro Pride 2024"*.

Tampok sa nasabing aktibidad ang mga kasapi ng LGBTQIA+ community sa lalawigan at lungsod na buong pusong tumindig, dala-dala ang talino at kakayahang makapag-ambag para sa lipunan, kaya naman sa gabi ng kasiyahan, pagtanggap at pagpapahalaga ang iginawad para sa kanila.

Sinusuportahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang kanilang mga hakbang at magagandang adhikain para sa komunidad, gayundin sina City Councilor, Atty. Jel Magsuci, at Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns).

Dagdag pa rito, nilagdaan ni Governor Humerlito 'Bonz' A. Dolor ang ordinansang nagtatakda ng selebrasyon ng Pride Month sa Oriental Mindoro, tuwing sasapit ang buwan ng Hunyo (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).





